



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 4
Pebrero 21, 2008

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Sumasambulat na ang galit ng bayan sa rehimeng Arroyo

Ibayong nagliliyab ngayon ang galit at pagkamuhi ng sambayanan sa bulok, magnanakaw, sinungaling at mapanupil na papet na rehimeng Arroyo. Parami nang parami ang hayagang nananawagan para sa pagpapatalisik kay Gloria Arroyo at palaki nang palaki ang mga demonstrasyon sa lansangan at iba pang anyo ng protesta.

Bumuhos ang umabot sa 15,000 mamamayan sa Makati nitong Pebrero 15. Pinatakop nito ang serye ng mga kilos-protesta nitong mga nagdang araw. Iniluluwal ang mga ito ng malawak na nagkaisang prente ng mga patriyotiko at demokratikong pwersa, mga gitnang pwersa, mga oposisyunitang pulitiko, mga taong simbahan, mga negosyante, dating upisyal ng gubyerno at iba pang pwersang anti-Arroyo. Niyaganig ng mga protesta ang bulok na rehimeng Arroyo. Nagpupunyagi ang mamamayan na wakasan na ang paghahari nito.

Ang pinakahuling serye ng mga protesta ay itinulak ng

pagsisiwalat ni Rodolfo Lozada Jr. ng dagdag na impormasyon kaugnay ng maanomalyang kaso ng NBN-ZTE at ng iskandalong ibinunga ng mga pasistang maniobra ng rehimeng Arroyo para patahimikin siya (*tingnan ang kaugnay na artikulo*). Kinumpirma at pinalawig pa ni

Lozada ang ibinunyag noong Oktubre 2007 ni Joey de Venecia, anak ni dating Speaker Jose de Venecia, hinggil sa \$130 milyong suhol kaugnay ng proyekto. Isiniwalat din niya ang mga iregularidad sa mga proyektong Cyber-Education, Southrail at Northrail, at ang paglihis ng \$1.1 bilyong pautang para sa pagpapaulad ng Angat Dam at mga proyektong pabahay ng mga sundalo at pulis.

Nagkakandarapa si Arroyo at kanyang mga galamay sa pagtatakip ng katoohan. Tinangka



Mga tampok sa isyung ito...

Pagdukot kay Lozada
PAHINA 3

Malakawang protesta laban kay Arroyo,
rumaragasa PAHINA 5

Itaguyod ang bagong people power—PKP
PAHINA 6

nilang patahimikin si Lozada sa pamamagitan ng panunuhol, pang-aakit at, panggigipit, at nang mabigo, todo-larga naman ang paniira sa kanya. Subalit walang naniwala sa kanilang mga palusot at pangangatwiran. Di na nila maapula ang nag-aapoy na galit ng mamayan.

Ibayong militarisasyon ng National Capital Region ang naging tugon ng rehimeng Arroyo sa tangka nitong supilin ang mga namumuong kilusang protesta. Mahigpit na binantayan ang mga lugar na pinadarausan ng mga protesta. Naglubid ng kwentong "guguluhin ng BHB" ang mga demonstrasyon. Nagtsekpoyn sa lahat ng pasukan sa pambansang kabisera. Isinangkan kalan ang kwentong "banta sa buhay ni Arroyo" upang bigyang-matwid ang pagdaragdag ng mga sundalo sa Metro Manila.

Bago pa ito, tiniyak ni Arroyo na matanggal sa kapangyarihan at mabawasan ng impluwensya sa loob ng naghaharing koalisyon ang kampo ni Jose de Venecia. Garaplang namudmod ang mga anak ni Arroyo ng milyun-milyong peso sa masisibang kongresista upang alisin sa pagka-Speaker ng Kongreso

si de Venecia at ipalit si Prospero Nograles, isa sa pinakamatatapat na alipures ni Arroyo.

Tinangka ng rehimeng Arroyo na muling buhayin ang *cha-cha* (pagbabago ng konstitusyon) sa pamamagitan ng petisyon ng mga bayarang lokal na upisyal. Ang pagtutulak ng *cha-cha* ay maniobra ni Arroyo upang palawigin ang kanyang termino lagpas sa 2010. Sa kabilang malawak na pagtutol, determinado at tuluy-tuloy pa ring itinutulak ng rehimeng Arroyo ang pakanang *cha-cha*. Tulad sa nakaraan, nagwaldas na naman ang rehimeng Arroyo upang bilhin ang katapatan ng mga lokal na upisyal, mga kasapakat nitto sa Kongreso at iba pang kinakailangang magamit para muling maibwelo ang pakana.

Kumikilos ang rehimeng Arroyo upang kontrahin ang pagkilos ng mga simbahan at grupong relihiyoso, na ngayon ay mas mariling kumukunden sa korapsyon ni Arroyo. Nagkukumahog din ang rehimeng Arroyo upang apolin ang apoy na tiyak na muling sisiklab sa hanay ng nakararaming upisyal at pwersa ng militar at pulisia na disgustado sa rehimeng Arroyo.

Lalong pinalalalim ng pinaka-



huling serye ng mga iskandalo ang krisis ng buong reaksyunaryong sistema. Katulad ng nauna nang mga serye ng mga iskandalo at anomalya, itinuturo nito sa mamayan ang walang hanggang katakawan, pagkatuso at pagkapasista ng mga reaksyunaryong nasa poder at ang kabulukan ng buong sistemang pinananatili at pinamumunuan nila.

Paulit-ulit na napatutunayang hindi manhid ang sambayanan sa malawakang korapsyon, pandaraya sa eleksyon, lansakang pagsisungaling, maruruming maniobra at pasistang pamamaraan ng mga nasa poder ng reaksyunaryo at papet na estado.

Determinado ang mamayan ng Pilipino na ibagsak ang rehimeng Arroyo. Pinakadeterminado sa pagpapatalsik kay Arroyo ang masang anakpawis at mga aping sektor na pangunahing biktima ng krisis sa kabuhayan at pampolitikang karahasan ng rehimeng Arroyo. Habang nagtagal at nagiging mahigpit at mahrás ang pakikibaka para ibagsak ang rehimeng Arroyo, lalong nagiging malinaw ang pangangailangan ng ibagsak na ang buong bulok, papet at reaksyunaryong sistemang nagluluwal ng ganitong klaseng paghahari sa bansa.

Kailangang pag-ibayuhin ang pagmumulat sa mamayan, pagorganisa sa kanila sa mga patriyo-

ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 4 Pebrero 21, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editoryal

| | |
|---|---|
| Sumasambulat na ang galit ng bayan sa rehimeng Arroyo | 1 |
| Pagdokot kay Lozada | 3 |
| Mga testigo sa pandaraya sa eleksyon | 4 |
| Pagsasahimpapawid ng Hello Garci tapes | 5 |
| Laban sa Proyektong Southrail | 5 |
| Malakawang protesta laban kay Arroyo | 5 |
| Itaguyod ang bagong <i>people power</i> —PKP | 6 |
| Biyaya ng rebolusyong agraryo sa Bikol | 7 |

Pananalanta ng pasistang estado

| | |
|--|----|
| Ilitaw at palayan ang mga konsultant ng NDFP | 9 |
| 2 lider-magsasaka, dinukot | 10 |
| Mga Mandaya laban sa militarisasyon | 10 |
| Malawakang protesta sa Balikatan 2008 | 10 |
| Balita | 11 |

tiko at demokratikong partido, organisasyon at mga samahan at pagpapakilos sa kanila sa lahat ng posibleng larangan ng pakikibaka. Ihanda rin sila sa anumang marahas na kontra-hakbang ng rehimens, laluna't makailang ultil nang ipinamalas ni Arroyo ang kanyang kahandaang gamitin ang buong pwersa ng estado para supilin ang mga lumalaban sa kanyang paghahari, makapanatili lamang siya sa poder.

Higit na pabilisin ng mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa ang pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa pinakamalawak na bilang ng mamayan upang lubusin na ang pakikibaka sa pagpapatalsik kay Arroyo. Ikonsentra ang kanilang galit, pamunuan at bigyang direksyon at mga daluyan ang kanilang mga pagkilos at itaas ang antas ng kanilang kamulatan sa mga ugat ng kasalukuyang krisis at paraan sa paglulutas nito. Ibayo pang palawakin ang nagkakaisang prente at himukan silang kumilos sa lansangan at iba pang larangan ng pakikibaka, maging militante at kumatig sa rebolusyon.

Buung-buong sinusuportahan ng PKP at BHB ang militante at demokratikong pagkilos ng sambayanan Pilipino laban sa rehimeng Arroyo. Bilang ambag, pinag-iibayo nila ang paglulunsad ng mga armadong pagsalakay sa pinakamasasahol na pwersang mapanupil at haligi ng naghaharing rehimens. Sinasamantala ng mga rebolusyonaryong pwersa ang napakaborableng sitwasyon ngayon para sa ibayong pagsusulong ng digmang bayan tungo sa mas mataas na antas, at puspusang hinihimok at pinamumunuhan ang papalaking bilang ng mamayan tungo sa larangan ng rebolusyonaryong paglaban sa naghaharing rehimens at sa buong bulok na naghaharing sistema. **AB**

Pagdukot kay Lozada

Pagtakip sa katotohanan

Ang naunsyaming pagdukot ng mga tauhan ng gubyerno kay Rodolfo "Jun" Lozada noong Pebrero 5 ay naglantad sa lumalalang pagkataranta ng rehimens sa harap ng nabubunyag na mga katiwalian nito. Ipinakikita rin niyon na gagawin nito ang lahat at wala itong sasantuhing batas, mapagtakpan lamang ang katotohanan at makapanatili sa kapanayarian.

Mula katapusan ng Enero, di magkandaugaga ang mga alipures ni Gloria Arroyo para pigilan ang pagtestigo ni Lozada sa isinasagawang imbestigasyon ng Senado sa maanomalyang kontratang NBN-ZTE. Nangangamba sila sa isisiwalat niyang impormasyon kaugnay nito na lalong magpapatibay sa naunang isiniwalat nina Jose de Venecia III at Sec. Romulo Neri na nagdidiin sa pagkakasangkot ng pamilyang Arroyo at mga upisyal ng rehimens sa dambuhalang suhulan.

Ilang linggo bago pa man ito, kinausap na ni Lozada ang ilang upisyal ng gubyerno na nangangamba siyang hindi makapagsisinnungaling oras na siya ay paharapin sa Senado. Alam na alam ng mga alipures ni Arroyo na puputok ang galit ng mamayan oras na isiwatal ni Lozada ang nalalaman niyang pagkakasangkot ni dating COMELEC Chairman Benjamin Abalos at ni Mike Arroyo sa \$130 milyon kikbak sa kontratang NBN-ZTE.

Matatandaang noon pa sanang Enero 28 pinatetestigo ng Senado si Lozada sa isyu ng NBN-ZTE. Walang makitang ligal na paraan ang mga tauhan ni Arroyo para huwag siyang padaluhin sa imbestigasyon. Kaya isang araw bago ang nakatakda niya sanang pagharap



Rodolfo "Jun" Lozada

sa Senado, dali-dali silang naghuwad ng mga papeles para palabasing may upisyal na lakad si Lozada sa London at agad siyang pinlipad patungong Hongkong. Inengganyo pa siya ng Malacañang na magwaldas doon gamit ang ₱500,000 na ipinadala sa kanya ni Deputy Executive Secretary Manuel Gaite. Pinalabas ni Gaite na hindi ito pera ng gubyerno kundi sarili niyang pera, ngunit binago ito ni Secretary Ermita at sinabing bigay ito ng mga pribadong indibidwal. Inasahan ng Malacañang na pormal nang isasara ng Senado ang pagsisiyasat bago puwasok ang Pebrero.

Nag-isyu ang Senado ng mandamento para ipailalim sa kustodiya nila si Lozada dahil sa di niya pagdalo sa pagdinig. Pagkauwi ni Lozada noong Pebrero 5 ay nagkumahog ang mga tauhan ng Malacañang na tangayin siya bago siya makuha ng Senado. Pagkabang-pagkababa niya mula sa eroplano, hinablot siya ng isang armadong grupong kinabibilangan ng mga tauhan ng Presidential Security Group at Philippine National Police. Lingid ito sa kaalaman ng mga kapamilya at kaibigan niya, ng mga alagad ng Senado at midya na sasalubong sana sa kan-

ya sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA). Isinakay siya sa isang kotseng nagpaikut-ikot sa kung saan-saan habang nakikipatalastasan ang grupong humahawak sa kanya sa kanilang mga amo sa Malacañang ukol sa kung saan siya dadalhin at ano ang gagawin sa kanya.

Nang gabing iyon, dinala siya ng grupo sa isang restawran upang tagpuin si Atty. Antonio Bautista na inatasan ni Gaite na maghanda ng isang kasulatang ipapipirma kay Lozada. Sa kasulatang iyon, sinasabing kusa siyang humihingi ng proteksyon sa pulisya at wala siyang kinausap na upisyal ng gubyerno kaugnay ng isyung NBN-ZTE. Inupahan ng Malacañang si Bautista upang tumayong abugado ni Lozada. Wala itong pahintulot ni Lozada.

Noong gabi ring iyon, napilitan ang Malacañang na ilitaw na siya at ibalik sa kanyang pamilya dahil balitang-balita na sa midya ang kanyang pagkawala. Napilitan ang mga dumukot kay Lozada na dalhin siya sa De La Salle University kung saan nakakanlong ang kanyang pamilya. Gayunman, kahit doon ay binantayan pa rin siya ng mga galamay ni Arroyo.

Noong sumunod na gabi, pinuntahan siya ni dating DENR Sec. Michael Defensor para kumbinsihin siyang pabulaanan ang pagdukot sa kanya at ang lahat ng mga batikos kina Arroyo sa isyu ng NBN-ZTE. Ani Defensor, "nasasaktan" na raw si Gloria Arroyo. Aaregluhin daw nila ang masmidya. Pinayuhan siya ni Defensor na magdaos ng *media conference* kinabukasan. Inabutan pa siya ni Defensor ng sobreng may lamang ₱50,000 at nagpahiwatig na may iba pang ibibigay sa kanya kapalit ng pagsisungalingan.

Itinuloy ni Lozada ang *media conference* noong madaling-araw ng Pebrero 7, pero—taliwas sa hiling ni Defensor—hindi para pasi-

Mga testigo hinggil sa pandaraya sa eleksyon 2004, lumantad na

LUMANTAD na ang tatlong opereytor ng rehimeng Arroyo na sangkot sa pandaraya sa Mindanao noong eleksyon 2004.

Ayon sa isa sa mga opereytor sa Lanao na si Nagamura Moner, di lamang si Gloria Arroyo mismo ang nag-aatas kay Virgilio Garcillano (mas kilala sa palayaw na "Garci") na tiyaking may lamang siyang isang milyong boto kay Fernando Poe Jr. Maging ang asawa ni Gloria Arroyo na si Mike ay nag-aatas din nito kay Alfonso Cusi, tagapangasiwa ngayon ng Manila International Airport Authority, na siya namang nagpapasa ng mga utos sa mga opereytor sa iba't ibang prubinsya. Dati nang nakatakdang tumestigo si Moner sa Senado subalit umatras siya. Lumalantad na siya ngayon dahil nakuksensya na raw siya.

Naiulat din ng masmidya at kinumpirma ni Sen. Rodolfo Biazon na may dalawang elemento ng PNP na nais magsiwalat ng nalalaman nila hinggil sa paginanakaw ng mga *ballot box* sa Batasang Pambansa noong 2005. Ibinahagi ng ayaw pang lumantad na elemento ng PNP na kabilang siya sa grupo ng 20 pulis at anim na employado ng Kongreso na sangkot sa panloloob sa gusali ng Batasang Pambansa noong Enero at Pebrero 2005 para nakawin ang *election returns* mula sa 38 prubinsya at palitan ito ng mga pekeng balota. Bilang patunay, hawak pa rin ng naturang pulis ang anim na sobre ng oriinal na *election returns*. Handang lumantad ang pulis kung matitiyak ang kanyang kaligtasan.

Bunsod nito, nanawagan si dating House Speaker Jose de Venecia ng imbestigasyon hinggil sa pandaraya sa eleksyon pampresidente noong Mayo 2004.

AB

nungalingan kundi isiwalat ang katotohanan. Tiniyak ng mga pari at madre ng De La Salle na hindi siya muling matatangay ng grupong nagbabantay sa kanya at pagkatapos ng *media conference* ay ihinatid siya para pumailalim na sa kustodya ng Senado.

Simula Pebrero 8, humarap na siya sa Senado at itinuro sina Mike Arroyo at dating COMELEC Chairman Benjamin Abalos bilang mga pasimuno ng maanomalyang kontrata. Nitong Pebrero 18, ibinahagi ni Lozada sa ikalawang pagdinig sa Senado ang isang usapan nila ni Neri noong Disyembre. Ayon kay Lozada, tinuran ni Neri si Arroyo na "buktot" (*evil*) at tumatayong "sentro ng malawak na lambat ng korapsyon na bumabalot sa gubyerno." Sa kauna-unahang pagkakata-

on ay direktang iniugnay di lamang si Mike Arroyo kundi ang presidente mismo sa anomalya sa proyektong NBN-ZTE.

Kaliwa't kanan ngayon ang pagsisikap ng rehimeng siraan si Lozada at baluktutin ang katotohanan. Pero nang magkaharapan at magkapaliwanagan sina Lozada at mga pangunahing alipures ng rehimeng sa isang programa sa telebisyon, mahigit 90% ng mga manood ang nagsabing si Lozada ang mas kapani-paniwalala. Ngayong may mga karagdagan pang testigong magkukumpirma sa mga inilahad na nina Lozada, Joey de Venecia at Sec. Romulo Neri, tuluy-tuloy nang mayayanig ang rehimeng lumalawak na hanay ng mga pwersang kukumbinsing panahon na para wakasan ang paghahari ni Arroyo. AB

Pagbabawal sa pagsasahimpapawid ng Hello Garci tapes, ibinasura ng Korte Suprema

KINATIGAN ng Korte Suprema ang petisyon ng National Union of Journalists in the Philippines (NUJP) at iba pang taong midya laban sa pagbabawal ng National Telecommunications Commissions (NTC) at Department of Justice (DOJ) sa midya na ipadining sa radyo at telebisyon ang nilalaman ng tinatawag na "Hello Garci" tapes.

Sa isang desisyon nitong Pebrero 15, sinabi ng Korte Suprema na ang naturang pagpapahin-to ng DOJ at NTC sa mga telebisyon at radyo kauugnay sa "Hello Garci" tapes ay paglabag sa kalaasan sa pamamahayag. Anito, karapatan ng mga istasyon ng radyo at TV na magdesisyon kung iparirinig ang nasabing mga tape sa mamayan.

Iniutos ng Korte Suprema na alisin ng NTC at DOJ ang babala nito sa midya noong Hunyo 2005. Nagbanta noon ang NTC at DOJ na sususpindihin nito ang prangkisa at lisensya ng alinmang istasyon ng media na magsasahimpapawid ng naturang tapes.

Nilalaman ng "Hello Garci" tapes ang pag-uusap sa pagitan nina Gloria Arroyo at dating COMELEC Commissioner Virgilio Garcillano kung saan pinatitiyak ni Arroyo kay Garcillano ang isang milyong kalamangan sa kalaban niyang si Fernando Poe, Jr. noong eleksyon 2004. AB

Panawagan laban sa Proyektong Southrail: Suspindihin, labanan!

HINAMON ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at Gloria Step Down Movement (GSM) ang Kongreso nitong Pebrero 12 na suspindihin ang maanomalyang \$932 milyong proyektong Southrail Modernization Project. Ang panawagan ay ibinunsod ng ibinunyag ni Rodolfo Lozada Jr. sa pagdinig sa Senado na may patong na \$70 milyon sa presyo ng proyekto. Ayon sa testimonya ni Lozada, na saksi rin sa iskandalo sa proyektong NBN-ZTE, malamang na ang halagang ito ay komisyon ng matataas na upisyal ng rehimeng Arroyo.

Nanawagan din ang BAYAN at GSM sa Kongreso na imbestigahan ang iba pang proyekto ng pamahalaan kung saan kasosyo ang mga dayuhang mamumuhunan para malaman kung may anomalya rin ang mga ito. Kabilang dito ang Floodway Project, Circumferencial at Radial Road Expansion, Port Privatization, North Bay Blvd., Business Park Estate project at iba pa.

Bunga ng sunud-sunod na batikos, napilitan ang rehimeng Arroyo na suspindihin ang paggamit ng utang panlabas para sa Phase 1 ng Southrail project, proyektong Cyber-education at siyam na iba pang katulad na proyekto.

Samantala, naglunsad rin ng rali ang mahigit 100 ktao sa tapat ng Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) sa Makati noong Pebrero 17 upang igiit ang pagpapatigil sa proyekto at matigil na rin ang malawakang demolisyon sa tabing riles kung saan ilampung libong mamayan ang mawawalan ng tahanan. AB

Malakawang protesta para sa pagpapatsik kay Arroyo, rumaragasa

Nangangatog ang tuhod ni Gloria Arroyo sa harap ng madagundong na mga panawagan at sunud-sunod na malaking aksyon protesta na naggigiit ng pagwawakas ng kanyang paghahari. Ang mga protestang ito ay palatandaan ng lumalawak na pagkakaisa ng mamayan laban sa korap, brutal at papet na rehimen.

Umabot sa 15,000 mamayan mula sa iba't ibang sektor ang dumagsa sa lansangan noong Pebrero 15 upang magpahayag ng pagkadis gusto sa rehimen at manawagan ng pagpapatsik o pagbibitiw ni Glo-

ria Arroyo. "Sobra na, tama na, kumilos na!" ang tema ng malawakang kilos protesta na ginanap sa Makati City.

Ang kilos protesta ay pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Gloria Step Down Movement (GSM), United Opposition (UNO), Black and White Movement at iba pang grupo. Dumalo sa rali si Jose de Venecia III,



na siyang unang nagsiwa lat sa anomalya. Dumalo rin si dating Vice President Teofisto Guignona. Kabilang sa mga lumahok sa rali ang Integrated Bar of the Phil-

ippines (IBP), Ecumenical Bishops' Forum, Maryhill School of Theology, St. Andrews Theological Seminary, PAL Employees Association, August 21 Movement at La Liga Policy Institute.

Nagpahayag ng pakikiisa ang grupo nina Brig. Gen. Danilo Lim, Sen. Antonio Trillanes IV, Gen. Renato Miranda at Col. Ariel Querubin. Maging ang dating pangulong Joseph Estrada ay sumuporta sa naturang demonstrasyon. Suportado rin ang kilos protesta ng malalaking pangalan sa negosyo sa pangunguna ng Makati Business Club (MBC), Management Association of the Philippines (MAP) at Finance Executives Institute of the Philippines (FINEX). Hindi natinag ang mga ito sa pagsuporta sa protesta sa kabilang pagbabanta sa kanila ng isang myembro ng gabinete ni Arroyo na bubusisiin ang rekord ng pagbabayad nila ng buwis.

Ayon sa punong konsultant ng National Democratic Front na si Jose Maria Sison, pwedeng-pwede nang pataksikin si Arroyo dahil sa bulok na moralidad nito, pangangayupapa sa interes ng dayuhan, lantarang korapsyon at sistematiskong paglabag sa karapatang-tao. Hinikayat din niya ang militar at pulis na mag-atras na ng suporta kay Arroyo.

Samantala, habang nagaganap ang multisektoral na rali noong Pebrero 15, may 100 kasapi ng Gabriela Women's Party ang naglunsad ng demonstrasyon sa upisina ni Mike Arroyo sa LTA Building, Legazpi Village, Makati. Dala-dala ang plakard na may nakasulat na "Gubyerno ni Arroyo, sindikato", kinundena ng mga raliyista ang malalang korapsyon ng rehimene.

Nito namang Pebrero 20, nagsagawa ng kilos-protesta ang mga kasapi ng PAMALAKAYA sa pamamagitan ng pagparada ng mga bangka sa dagat mula Cavite hanggang Manila Bay at pagmartsa tun-

Itaguyod ang bagong people power—PKP

Sa harap ng lumalaking posibilidad na muling mapatalsik ng mamamayan Pilipino ang isang reaksyunaryong rehimene sa pamamagitan ng pag-aalsang bayan, mahalagang humalaw ng mga aral sa EDSA 1 at 2 upang matiyak na ang pagwawakas sa rehimeng US-Arroyo ay magreresulta sa makabuluhan at kapaki-pakinabang na mga pagbabago para sa bayan.

Ipinahayag ito ng PKP bilang pagsuporta sa panawagan ni Archbishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP), para sa "bagong people power." Iginiiit ito ni Lagdameo sa harap ng pagkadismaya sa EDSA 2 na nagluklok kay Gloria Arroyo na malao'y naging isa sa pinakabulok na presidente ng Pilipinas.

Sang-ayon ang PKP na hindi na dapat sumentro ang bagong *people power* sa isang personalidad. Bagkus, dapat magkaroon ng tunay na demokratikong representasyon sa bagong kaayusan matapos ang rehimeng Arroyo. Sa partikular, dapat bigyan ng karampatang papel ang masang anakpawis. Dapat maging determinado ang bagong *people power* sa paglaban sa korapsyon at magkaroon ng malinaw na programa para tugunan ang mga kahilingan ng mamayahan para sa makabuluhang pampolitika at sosyo-ekonomikong mga pagbabago.

Dapat sapulin ng mamayahan na bagamat ang EDSA 1 at 2 ay kinatangian ng pagsambulat ng kapangyarihan ng bayan at naka-pagpatalik sa naghaharing reaksyunaryong rehimene, lagpas dito ang kailangan ng mamayahan. Habang isinusulong ang mga di armadong protesta at iba pang kilos masa, kailangang puspusang supportahan at isulong ang armadong rebolusyon upang matamo ang pagwawakas sa naghaharing bulok na sistema.

AB

gong Senado.

Naglunsad rin ng mga kilos protesta sa iba't ibang rehiyon. Sa Bikol, mahigit 300 katao ang lumahok sa *prayer rally* at nagtirik ng kandila habang pinakikilinggan sa radyo ang pagtestigo ni Lozada. Si Lozada sa radyo. Nasa rali rin ang kanyang nakatatandang kapatid at hipag. Pinangunahan ito ng bagong tatag na alyansang Krusada Para Sa Katotoohan asin Katanosan (Krusada para sa Katotoohan at Katarungan) na kinabibilangan ng mga grupong relihiyoso, progresibo at akademiko.

Sa pangunguna ng BAYAN at Promotion of Church People's Res-

ponse, daan-daan naman ang sabay-sabay na nagtirik ng kandila sa Centennial Park, Davao City. Isang oras na protesta naman ang inilunsad ng may 100 katao sa Cagayan de Oro City na nanawagang bumba na sa pwesto si Arroyo.

May kilos protesta ring nagnap sa Tacloban City. Sa Cebu City, may rali na pinangunahan ang BAYAN, Bayan Muna, Nagkahiusang Drayber sa Sugbo, at grupo ng kabataang estudyante at magbubukid. Umabot sa 2,000 katao ang lumahok sa isang *prayer rally* sa Bacolod City, Negros Occidental bilang pagsuporta sa mga kilos protesta sa Metro Manila. Sa Iloilo

City, nagsuot naman ng itim na "arm band" ang mga abugado na kasapi ng National Union of People's Lawyers (NUPL) at IBP-Iloilo Chapter habang nasa bisita noong Pebrero 18 bilang pakikiisa sa paghahanap ng katotohanan at pagbatikos sa kawalang respeto nina Arroyo sa batas.

Malaki ring tagumpay ang misa para kay Lozada na inorganisa ni dating Pres. Cory Aquino, De La Salle University at Ateneo de Manila University noong Pebrero 17 at 18. Tinatayang umabot sa 5,000 katao ang dumalo sa "Misa ng Sambayanan Para Sa Katotohanan" sa La Salle. Maraming personalidad ang dumating, kabilang sina Mayor Alfredo Lim, Rep. Jose de Venecia, dating Senate President Franklin Drilon, Sen. Benigno Aquino III, Sen. Manuel Roxas II, ang pinuno ng Makati Business Club na si Ramon del Rosario at Fr. Armin Luistro ng De La Salle.

Sa isang pahayag, nanawagan ang 71 dating upisyal ng gabinete mula sa nakaraang tatlong administrasyon na magbitiw na ang mga myembro ng gabinete ni Arroyo at magsalita hinggil sa nalalaman nila sa maanomalyang transaksyon sa NBN-ZTE. Samantala, bago ang pagtitipon, nagbabala si Justice Secretary Raul Gonzalez na sisibakin ang sinumang upisyal ng gabinete na dadalo sa misa.

Umikot naman ang isang sulat ng mga nagtapos mula sa Philippine Military Academy (PMA) na nag-gigiit ng pagbibitiw ni PNP Chief Director General Avelino Razon Jr., myembro ng PMA Class 1974, dahil sa kanyang walang kahiyang pagtatakip sa pagdukot kay Lozada.

Patuloy na lumalawak ang hanay ng mga pwersang anti-Arroyo. Binuo kamakailan ng 40 grupo ng kabataan-estudyante ang Youth Forum para magsilbing daluyan ng talakayan at protesta ng kanilang sektor.

Nanawagan ang Brotherhood of Christian Businessmen and Professionals kay Lozada at iba pang upisyal ng gobyerno na ipagpatuloy ang pagiging matapat at pagsasabi ng katotohanan.

Nitong huli, nanawagan si Archbishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops Conference of the Philippines, ng sama-samang pagkilos at bagong tipo ng pag-aalsang bayan para puksain ang korapsyon sa bansa. Aniya, dapat may matutunang leksyon mula sa EDSA 2 na nakapagpatalik ng bulok na presidente subalit mas korap pa ang bagong pangulong nailuklok. Nanawagan si Archbishop Lagdameo ng "bagong-tipong kapangyarihang bayan" (*new people power*) na hindi na nakasentro sa personalidad kundi sa mamamayan. Aniya, kaakibat nito ang kolektibong pagbabantay ng mamamayan upang di na maulit ang mga kabiguan ng nakaraang *people power*.

AB

Biyaya ng rebolusyong agraryo, inaani ng mga magsasaka sa Bikol


Noong huling bahagi ng 2006, sinalanta ng tatlong magkakasunod na bagyo ang mga niyugan at sakahan sa Kabikulan. Nababahala ang mga magsasaka na magtatagal pa bago sila makababawi ng produksyon. Wala naman silang inaasahang subsidyo o anumang suporta mula sa gubyerno. Kahiit ang pondong inaprubahan nito para sa mga sinalanta ng bagyo ay nahuthot lamang ng korapsyon at nagamit ng mga nasa pwesto sa kanilang kampanya sa eleksyon. Pakitang-tao lamang ang kaunting dumarating na ayuda sa mga komunidad.

Sinundan ang mga bagyo ng mahabang tagtuyot. Nangamatay ang mga punla ng palay noong ikatlong kwarto ng 2007. Inulit-ulit ang pag-aararo dahil kinailangang paulit-ulit na ihanda ang lupa para sa panibagong mga taniman. Nadoble, kundi man natripile ang pagod at gastos ng mga magsasaka.

Pinalala ng mga natural na sakunang ito ang dati nang abang kalagayan ng mahihirap na magsasaka at mga manggagawang bukid dulot ng matinding mga pagsasamantala sa kanila. Nanatiling napakataas ng singil sa interes ng mga usurero. Nakapako naman sa ₱80-100 kada araw ang sahod ng mga manggagawang bukid.

Kampanya sa luyo-luyo at pagpapaunlad ng produksyon

Upang maibsan ang kahirapan ng mga magsasaka at manggagawang bukid, ipinursige ng rebolusyonaryong kilusan ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo laluna sa mga lugar na lubhang napinsala ng mga sakuna. Naglunsad rin ng mga kampanya sa direktang pag-



tulong ng mga Pulang mandirigma sa pagpapasikad ng produksyon ng mga magsasaka.

Sa ilang baryo sa Sorsogon na matinding tinamaan ng mga sakuna, ikinampanya ng Bagong Hukbong Bayan ang muling pagbuhay at pagpapasigla ng *luyo-luyo* o bayanihan na panandaliang natigil dahil sa mga sakuna. Sa pagmamadali ng mga magsasaka na mabilis na masamantala ang pag-ulan para muling makapagbungkal ng sariling mga lupain, hindi napagana ang dating masiglang *luyo-luyo*. Maring pinaalalahanan at inengganyo ng mga kasama ang mga magsasaka, laluna ang mga nasa organisasyong masa, na mas malaki pa rin ang pakinabang nilang lahat kapag naipagpatuloy ang palitan ng paggawa. Mas mapapadali ang trabaho at makatitipid sa panahon at gas-tos.

Isang iskwad ng BHB ang nagtuon sa baryo para pasiglahin ang *luyo-luyo* at direktang tumulong din sa mga magsasaka sa pag-aayos ng mga lupain para muling maging produktibo. Magkutuwang nilang nahawan at nalinis ang nasirang taniman. Habang tinatrabaho ang lupa, nagtatalakayan sila kung anu-ano ang iba pang karagdagang maitatanim para lubos na mapakinabangan ang lupa. Tinalakay din nila ang mga paraan kung paano pa mapauunlad ang lupa at pananim para sa susunod pang mga taniman.

Nagtanim din sila ng mga puno ng saging na ikinatuwa ng mga magsasaka.

Direktang tumulong din ang mga kasama sa pag-aararo at pag-hahanda para matamnan ang lupain ng rebolusyonaryong kilusan na pinaalagaan sa isang magsasaka.

Sa kabilang dako ng baryo, tumulong ang mga kasama sa *pagrurupo* (paghihiwalay ng mga butil sa busil) ng mais. Maliit na bagay ito, pero napabilis nito ang paghahan-

da sa mais para agad maibenta sa sentrong bayan.

Nagtulungan din ang mga taumbaryo at hukbo nila sa pag-aayos ng irigasyon sa lugar na nagsisilbi sa mga sakahan ng may 30 pamilya. Magkasama ang mga Pulang mandirigma at may 30 magsasaka, pinagtulungan nilang kumpunihin ang komun na patubig na nsira ng bagyong Reming. Pinanguahan ng mga kasama ang pagplano habang nagpursige ang mga magsasaka sa pagpapalitaw ng segmento.

Kampanya sa pagpapababa ng upa sa lupa

Sa maraming lugar sa rehiyon, malaki na ang pagsulong sa kampanya para sa pagpapababa ng upa sa lupa. Sa mga niyugan, naabot na ang tersyong baliktad sa kalakhan pabor sa mga magsasaka.

Sa palay at mais, mula sa kwarta-parte o 75%-25% pabor sa magsasaka, napaunlad pa ang hatian tungong 90% para sa magsasaka at 10% para sa panginoong maylupa. Sa interes ng pakikipagkaisang prente at bilang pag-sasaalang-alang sa mababang kabuhayan nila kumpara sa panginoong maylupa, nagbibigay ng konsiderasyon ang rebolusyonaryong kilusan kung petiburges o mayamang magsasaka ang may-ari ng lupa. Minamantine na hanggang 60%-40% pabor sa petiburges ang hatian kung nasa saray na ito ang may-ari ng lupa at 50%-50% naman kung mayamang magsasaka ang may-ari ng lupa.


Kolektibong pagkilos at pangangasiwa

May mga baryo sa prubinsya kung saan naipatutupad na ang

maksimum na programa ng pamahagi ng karapatang magbungkal sa mga maralitang magsasaka. Saklaw nito ang mga lupang abandonado o kaya *donado* (o ibinigay) ng panginoong maylupa na pag-aari na ng rebolusyonaryong kilusan. Ipinailalim ang mga ito sa kontrol at pangangasiwa ng mga rebolusyonaryong organisasyon masa at ipinamahagi sa mga magsasakang walang lupa o kulang ang lupang binubungkal.

Sa pangkalahatan, matagumpay ang mga magsasaka sa mga lugar na ito sa pagpapagana ng mga *luyo-luyo*, pagpapataas ng produksyon at pagpapaunlad sa lupa. Ang mga tagumpay na ito ay nakikita sa pagdami ng mga produktong nailuluwal na sa lugar.

Isang matingkad na halimbawa ang maunlad na produksyon sa isang bayan sa Bikol na maraming produktong sagiing. Nakapag-lalabas ang mga magsasaka rito ng iba't ibang produkto ng saging, batay sa mga prosesong itinuro ng mga kasama mula pa sa nakaraang mga kampanya ng pagtuklas ng mga angkop na pananim at mga produkto sa lugar. Bukod rito, nangampanya rin ang mga kasama ng *multi-cropping* at *inter-cropping* (paglalahok ng iba't ibang pananim sa isang taniman) upang mamakmisisa ang lupa at makapagluwal ng iba pang produkto bukod sa niyog. Nagpapaalala rin ang mga kasama sa mga magsasaka na iwasang magdiin sa iisang klase lamang ng pananim upang maiwasan ang pagbaba ng presyo nito at pambabaratan sa pamilihan na idinudulot ng sobrang suplay ng produkto. Itinuro





Ilitaw at palayain ang mga konsulant ng NDFP

Nitong Pebrero, isang taon nang nawawala si Leo Velasco, konsulant ng National Democratic Front na dinukot ng mga tauhan ng AFP sa Cagayan de Oro. Si Velasco ay isa lamang sa maraming konsulant at istap ng NDFP na biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang at pagdokot ng mga armadong galamay ng rehimeng US-Arroyo mula pa 2005.

Kabilang dito si Angelina Bisuña-Ipong na iligal na inaresto at idinetine mula pa 2005. Noong 2006, dinukot at hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw sina Phillip Limjoco, Leopoldo Ancheta, Rogelio Calubad at kanyang anak na si Gabriel, ang mag-asawang Federico at Nelly Intise at si Prudencio Calubid, kanyang asawa at mga kasama niyang istap. Ilang buwan matapos dukutin si Velasco noong Pebrero 2007, inaresto at idinetine naman ang kanyang asawang si Elizabeth Principe. Dinukot din sina Emeterio Antalan at ang kanyang kasamang si Edgardo Friginal. Nitong 2008, inaresto, idinetine at sinampahan ng gawa-gawang kaso sina Glicerio "Ka Choy" Pernia at Randall Echanis. Si Echanis, na upisyal ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ay konsulant ng NDFP sa mga usaping tumatalakay sa mga reforma sa ekonomya at lipunan.

Ang pandarahas ng rehimeng US-Arroyo na mga konsulant ay walang pakundangang paglabag sa napakaisahan nang mga kasunduan sa pagitan nito at ng NDFP. Sa partikular, paglabag ang mga ito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law na nagtatanggol sa kani-lang mga karapatan at nagtitiyak sa kani-lang seguridad kahit sa panahong suspindido ang formal na usapang pangkapayapaan. Pinatatampok nito ang kawalang interes ng rehimeng US-Arroyo sa usapang pangkapayapaan at ang kahandaan nitong gumamit ng duwag at tusong mga paraan para magapi ang rebolusyonaryong kilusan.

Iginigiit ng NDFP, PKP at ng buong rebolusyonaryong kilusan sa rehimeng US-Arroyo na kagyat na palayain ang mga ikinulong at ilitaw ang mga dinukot nitong mga konsulant. Nanawagan din ang PKP at NDFP sa mga progresibong organisasyon at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao na iginiiit ang pagpapalaya at pagpali-taw sa naturang mga konsulant lalupa't ang mga ito ay gumagampan ng mahalagang papel sa usapang pangkapayapaan.

rin ng mga kasama ang paggamit ng natural na abono at pestisido para sa matipid na pagpapataba ng lupa, kasabay ang pangangalaga sa kalikasan.

May mga lugar din kung saan matagumpay na nakapagtayo ang mga magsasaka ng mga ko-operatiba sa paggawa. Dito, nakapagtitipon na ang mga magsasaka ng iba't ibang kagamitang pansaka tulad ng *sprayer*, araro, piko, asarol, pala at iba pa na pwedeng ipaikot upang magamit ng lahat ng mga myembro nang libre o sa minimal na upa. Napakalaki ng naitutulong ng ganitong sistema lalupa't hindi na nila kailangan umupa pa sa mga komersyante at lumapit pa sa mga mapagsamantalang usurero para makapangutang ng pang-upa o pambili ng mga kagamitan. Bukod rito, nagsusulong din ang mga samahang kooperatiba ng sariling proyekto tulad ng pag-aalaga ng hayop, pagtatayo at pag-oopereyt ng mga molino o kiskisan at patubig.

Sa isang baryo, pinroyekto ng mga magsasaka ang pagsasaayos ng mga patubig sa palayan mula sa pondo at materyales sa konstruksyon na nalikom ng kanilang kooperatiba. Kolektibo rin nilang inayos ang mga balon na pinagkukunang inuming tubig, mga kalsada at tulay sa kanilang lugar. Napakinabangan din nila ang nakaraang elekson sa pangangalap mula sa mga kandidato ng karagdagang mga kagamitan sa produksyon, binhi, semento para sa konstruksyon at iba pa.

Iba pang proyektong pangkabuhayan

Sa iba pang lugar ng Bikol, naging mabunga ang kampanya para sa pagtatayo ng maliliit na palaisdaan sa tubig-tabang at tabing dagat. Napakinabangan ito ng maraming mangingisda at manggagawang bukid kahit para lamang sa kanilang sariling konsumo.

May mga lugar din kung saan inilunsad ng BHB ang pagtuturo ng *handicraft* o mga produktong yaring kamay at iba pang klase ng produksyon para madagdag ang kita ng mga magsasaka. Itinuro ng mga Pulang mandirigma kung paano gawing kapaki-pakinabang ang iba't ibang natural na materyales na nakukuha sa lugar tulad ng abaka, bao at karagumoy na ginagawang banig. Hinihikayat din ang pagluluto ng kakanin para ibenta. Karamihan sa mga ito'y nilalahukan at pinangangasiwaan ng mga organisasyon ng kababaihan at kabataan. **AB**



2 lider-magsasaka, dinukot

DALAWANG lider magsasaka ang magkahiwalay na dinukot nitong Pebrero 8 sa Central Luzon.

Dinukot ng mga tropa ng militar ng 70th IB at mga elemento ng CAFGU si Nardo Serrano, isang lider ng Central Luzon Aeta Association (CLAA) sa bahay niya sa Barangay Nabuklod, Floridablanca, Pampanga mga alas-9 ng umaga. Nasundan ng mga upisyal ng barangay at kapitbahay ni Serrano ang pinagdalhan sa kanyang detatsment ng militar sa Macapagal Village, Barangay San Ramon.

Nang magtangka ang mga upisyal ng barangay na kunin siya, tumangi ang mga sundalo at sa halip ay tinortyur pa nila si Ka Nardo. Subalit dahil sa paggigiit ng kanyang mga kababaryo ay napwersa ang militar na palaya-in si Serrano noong araw ding iyon.

Bago ito, dinukot din si Franco Corpuz, 41, tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL)-Nueva Ecija. Dinampot siya sa kanyang bahay sa Barangay Pandalla, Science City of Muñoz, Nueva Ecija bandang alas-2 ng madaling araw ng apat na armadong lalaki na pinaniniwalaang mga elemento ng 71st IB. Pinakawalan at ihinatid si Corpuz kinagabihan ng Pebrero 9 sa kanyang bahay matapos siyang takutin at ang kanyang pamilya na huwag ipagsabi ang pagdukot sa kanya. Nakitaan ng mga bakas ng tortyur ang katawan ni Corpuz.

AB

Mga Mandaya, nagmartsa laban sa militarisasyon

MAHIGIT 100 Mandaya ang nagmartsa sa Mati City, kabise-ra ng Davao Oriental nitong Pebrero 12 para igiit ang aga-rang pagpapatigil sa matitinding operasyon militar sa mga bayan ng Boston, Cateel at Baganga.

Pinoprotesta ng mga Mandaya ang matitinding paglabag sa karapatang-tao ng mga nag-ooperasyong sundalo, kabilang ang dalawang beses na pambombombang helikopter sa kanilang mga komunidad at pilit na pagpapalikas sa mamamayan. Umabot na sa 522 pamilya o mahigit 3,000 katao ang direktang apektado ng matitinding militarisasyon, kabilang ang 330 pamilya mula sa Baganga, 80 sa Cateel at 112 sa Boston.

Dinukot din ng mga sundalo at tinakot upang pilit na kunan ng impormasyon sina Celso Aslog, Julius Gonzales at Tonyo Orfanel. Hanggang sa kasalukuyan ay hawak pa rin sila ng militar.

Iligal na inaresto si Alan Katubig sa Sityo Borboanan, Barangay Kampawan, Baganga noong Enero 24 at pinilit na maggiya sa operasyon ng militar. Pinalaya lamang siya matapos ang tatlong araw.

Samantala, sa Sityo Buko-buko, San Jose, Boston, tinortyur ng mga elemento ng 67th IB sina Rene Boy Cubero at Motilo Latiban. Tinakluban ng plastik ang kanilang ulo upang piliting magbigay ng impormasyon hinggil sa kinoroonan ng mga Pulang mandirigma.

Ayon kay Ludinio Monzon, isang lider-Mandaya mula sa Boston, may mga sityo at barangay sa Baganga at Cateel na idineklara nang "no man's land" ng militar. Dito'y sinumang makita ay awtomatikong binabaril ng mga sundalo.

AB

Malawakang protesta sumalubong sa Balikatan 2008

Mahigit 20,000 mamamayan ang naglunsad ng mga ak-syong protesta nitong Pebrero 18 sa Pikit, North Cotabato; General Santos City; Cagayan de Oro City; at Davao City laban sa inilulunsad na 2008 US-RP Balikatan Exercises sa Lanao del Sur at Jolo.

Ang Balikatan 2008 ay pagsasanay-militar na kinabibilangan ng 600 tropa ng US at tropang Pilipino na umano'y tututok sa paglulun-

sad ng mga "misyong mapagkwanggawa" (*civil-military operation*). Umaabot naman sa 6,000 tropang Amerikano at 2,000 sundalong Pilipino ang maglulunsad ng mga pagsasanay-militar sa iba't ibang panig ng bansa.

Ayon sa mga panimulang ulat, umabot sa 7,000 katao ang nagmartsa sa Kidapawan City at tumungo sa Pikit samantalang tig-3,000 katao ang nagprotesta sa mga syudad ng Cagayan de Oro,





General Santos at Davao. Sa Central Mindanao, libu-libong mamayang din ang lumahok sa mga martsa-rali. Ang mga protesta ay pinamunuan ng Out US Troops-Mindanao Coalition. Binatikos din ng mga raliyista ang mga sundalo ng Philippine Marines kasabawat ang mga tropang Amerikano sa pagmasaker ng walong sibilyan sa Ipil, Maimbung, Sulu noong Pebrero 4.

Ilang linggo nang kumakalat ang apoy ng protesta laban sa Balikatan. Noong Enero 21, mahigit 5,000 ang nagrali sa Iligan City laban sa Balikatan. Noon namang Pebrero 16, pinagbabato ng mga residente ang mga tropang Amerikanong lulan ng dalawang sasayan nang tumawid sa National Highway sa Barangay Malulot, Marawi City. Napilitan silang bumalik sa Marawi Resort Hotel, na kani-lang pinupwestuhan pero sinugod pa rin sila ng mga galit na aktibista. Ang nasabing mga sundalo ay kabilang sa *advance party* ng Balikatan sa Marawi City at iba pang lugar sa Lanao del Sur.

Bago sila dumating, daan-daan ang mga residente ng prubinsya ang naglunsad ng kilos protesta laban sa nasabing pagsasanay-militar. Pinangunahan ito ng Ranao Crescent Against Balikatan Exercises (Racabe), isang lokal na grupong lumalaban sa Balikatan na kumakatawan sa 500,000 mamayang Maranao.

Maging ang mga upisyal ng lokal na pamahalaan ay tutol sa Balikatan. "Sinusuportahan ko ang sentimyento ng mamamayan at tutol ako sa presensya ng mga troopa ng US dito," ani Mayor Fahad Salic ng Marawi City. Nagpasa rin ng resolusyon ang Marawi City Council na nagpahayag ng pagtutol sa paglulunsad ng Balikatan sa

kanilang lugar at naggigiit sa pag-alis ng mga tropang Amerikano. Tutol din si Gob. Mamintal Adiong Jr. ng Lanao del Sur kasama ang mga lider at kinatawan ng iba't ibang sektor. Nagpasa rin ng resolusyon ang Regional Legislative Assembly ng ARMM na ibasura na ang RP-US Balikatan exercises. Kalainsabay, nagsumite rin ng resolusyon para sa suspensyon ng Balikatan ang 17 kinatawan sa Kongreso mula sa Mindanao.

Nanawagan naman ang mga relihiyosong lider ng mga Muslim at ilang mambabatas mula sa Mindanao sa pangunguna ng kinatawan ng Gabriela na si Luzviminda Ilagan na ibasura ang Visiting Forces Agreement (VFA), kasunduang nagbibigay-daan sa pagpasok ng mga tropang US sa bansa para pumasok ang mga tropang Amerikano sa bansa.

Bago ito, tinangka ng mga elemento ng AFP na takutin para patrasin ang mga organisador ng mga kilos protesta. Pinasok at nambastos sila sa isang pagtitipon na inorganisa ng U.S. Troops Out Now!-Lanao Coalition noong Pebrero 15 sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology. Inakusahan nilang mga komunista ang mga estudyante at mga gurong nanguna sa naturang pagtitipon at binalaan ang mga estudyante. Pinagtatanggal nila at sinira ang mga poster na idinikit ng koalisyon sa syudad ng Iligan.

Noong Pebrero 17, binugboq at pinaputukan ng mga sundalo ang dalawang estudyanteng nagdidikit ng mga kontra-Balikatan na poster sa Cagayan de Oro City. Mahigpit din nilang minanmanan ang mga pagtitipon na idinaos sa mga paaralan sa syudad at sa Bukidnon.

AB

Matatagumpay na armadong aksyon sa Samar

MATAGUMPAY na nagtanggol ang isang iskwad ng mga Pulang mandirigma laban sa mga nag-ooperasyong tropa ng 14th IB sa Sityo Hitalinga, Barangay Tawagan, Arteche, Eastern Samar, noong Pebrero 9, alas-9:40 ng umaga. Nauna rito, noong Pebrero 8, alas-2:45 ng hapon, nakalusot ang isang yunit ng BHB sa pagkukob ng militar sa Sityo Lunoy, Barangay Tawagan.

Samantala, ayon sa pinakahuiling ulat mula sa larangan, 11 malalakas na riple ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa reyd na isinagawa noong Disyembre 23 sa munisipyo at istasyon ng PNP sa Hinabangan, Samar. Nauna nang iniulat sa *Ang Bayan* na dalawang riple at tatlong maiigsing baril ang nasamsam ng BHB sa naturing pagsalakay.

77% ng mamamayan, ayaw na kay Arroyo

PITO sa bawat sampung mamayang Pilipino ang nagsasabing ayaw na nila sa rehimeng Arroyo. Ito ay batay sa panibagong sarbey na inilabas ng Ibon Foundation.

Ang sarbey ay isinagawa noong Enero 7-14, 2008 sa buong bansa kung saan 1,503 katao ang kinapanayam. Batay sa sarbey, 77.4% ng mamamayan ang naniniwalang dapat nang bumaba sa pwesto si Gloria Macapagal-Arroyo dahil sa isyu ng korapsyon at katiwalian na kanyang kinasasangkutan.

Lumabas din sa parehong sarbey na 79.7% ng mga Pilipino ang hindi naniniwala sa mga deklarasyon ng gubyernong Arroyo na bumubuti na ang ekonomya.

Pagtaas ng matrikula, muling nakaamba

MULI na namang magtataasan ang mga matrikula sa susunod na pasukan bunga ng pagsasakatuparan ng CHED Memorandum Order No. 13 (CMO #13). Binibigyang-kapangyarihan ng CMO #13 ang mga may-ari ng mga pribadong eskwelahan na magtaas ng matrikula batay sa kanilang kagustuhan.

Ang memorandum na ito ay nasuspindi sa mahabang panahon at napalitan ng CMO #14 na nagtatakda ng rekisitong konsultasyon bago magtaas ng matrikula. Subalit iniutos ni Gloria Arroyo nitong unang linggo ng Pebrero ang muling pagsasakatuparan ng CMO #13.

Ayon sa National Union of Students in the Philippines (NUSP), tumaas nang abereyds na 12% ang matrikula nitong nagdaang limang taon. Noong nakaraang taon, halos 25% ng mga pribadong paaralan sa kolehiyo ang nagtaas ng kanilang matrikula.

Hindi na lamang mga pribadong paaralan ang nagtataas ng matrikula. Tumaas nang 100% noong nakaraang taon ang matrikula sa Philippine Normal University at 600% naman sa EARIST (Eulogio Amang Rodriguez Institute of Science and Technology).

Mga suspek sa pagpatay kay Popoy Lagman, kinasuhan ng PNP

MATAPOS ang mahigit pitong taon ay nahuli at kinasuhan ng pulisia ang mga suspek sa pagpatay kay Filemon "Popoy" Lagman, isa sa mga oportunistang taksil na humiwalay sa Partido at nagtayo ng sariling paksyon noong 1992.

Inaresto ng pulisia sa ibang kaso sina Brandy Nilo Gerona alyas Ka Andy Garcia at pitong kasamahan niya sa San Pedro, Laguna noong Enero 19. Sina Gerona ay mga dating elemento ng RPA-ABB na mga myembro na ngayon ng isang sindikatong kriminal. Nakumpiskahan sila ng malalakas na armas at pampasabog. Ayon sa pulisia, tumutugma ang isang bala para sa .45 kal. pistolang nakuha kay Gerona sa balang nakuha mula sa bangkay ni Lagman.

Malaon nang pinagbibintangan ng AFP ang PKP at BHB ng pagpatay kay Lagman. Ang totoo ay itinumba si Lagman ng mga elemento ng RPA-ABB dahil binarat niya sila sa hatian ng perang nahuthot nila mula sa kumpanyang PEA-Amari kapalit ng kanilang tulong sa pagpapalayas ng mga maralitang nakatira sa lupaing inaanakin ng kumpanya.

Ang pagsasampa ng pulisia ng kaso laban kina Gerona ay nagpapatunay na totoo ang mga naging pahayag ng Partido na wala itong kinalaman sa pagkamatay ni Lagman at ang tunay na pumatay sa kanya ay mga kapwa niyang nagtraydor sa rebolusyonaryong kilusan na naging mga bayaran ng reaskyunaryong estado at kasabwat ng mga sindikatong kriminal.

Si Lagman ay pinatay sa Diliman, Quezon City noong Pebrero 2001.

1,000 pistola, nasamsam sa mga reyd sa India

NAGLUNSAD ng koordinado at sabaysabay na mga reyd sa mga istasyon ng pulis ang mga Pulang mandirigma ng Partido Komunista ng India-Maoista sa distrito ng Nayagarh, estado ng Orissa, India noong gabi ng Pebrero 16. Nakasamsam ng mahigit 1,000 pistola ang mga Maoista sa mga reyd sa apat na istasyon ng pulis, isang *training academy* at ang armori nito. Namatay ang 13 pulis, maraming iba pa ang nasugatan at nasunog ang isang istasyon.

Ang Orissa ay isa sa pinakamahihirap na prubinsya ng India kung saan malakas ang suporta ng mga mamamayang walang lupa sa Maoistang rebolusyonaryong kilusan. Nag-ugat ang mga Maoista sa bansang ito sa mahihirap na estadong ito pagkatapos ng pag-aklas ng mga magsasaka noong 1967. Ngayo'y saklaw na ng kanilang pagkilos ang kalahati ng 29 estado ng India.


Partido ni Musharraf, nilampaso sa eleksyon sa Pakistan

NILAMPASO sa eleksyon ng pamparlamento sa Pakistan nitong Pebrero 18 ang partido ng diktador na si Pervez Musharraf. Ang malawakang pagkatalo ng Pakistan Muslim League-Quaid ni Musharraf ay indikasyon ng tindi ng pagkamuhii ng mamamayang Pakistani sa mapanupil niyang paghahari.

Nanalo ng mayorya ng mga pwesto sa parlamento ang mga oposisyunistang Pakistan People's Party (PPP).

Lalo ngayong lumalakas ang panwagan para magbitiw si Musharraf bilang presidente. Subalit tumatangging magrisay ang diktador.

Alinsunod sa disenyo ng US para magkasundo ang mga nagbabangayang paksyon sa naghaharing uri, mananatiling presidente si Musharraf samantala may uupong halal na *prime minister* mula sa oposisyon.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-MaoismoTaon XXXIX Blg. 4
Pebrero 21, 2008

www.philippinerevolution.net

Editorial

Sumasambulat na ang galit ng bayan sa rehimeng Arroyo

Ibayong nagliliyab ngayon ang galit at pagkamuhi ng sambayanan sa bulok, magnanakaw, sinungaling at mapanupil na papet na rehimeng Arroyo. Parami nang parami ang hayagang nananawagan para sa pagpapatalisik kay Gloria Arroyo at palaki nang palaki ang mga demonstrasyon sa lansangan at iba pang anyo ng protesta.

Bumuhos ang umabot sa 15,000 mamamayan sa Makati nitong Pebrero 15. Pinatakop nito ang serye ng mga kilos-protesta nitong mga nagdang araw. Iniluluwal ang mga ito ng malawak na nagkaisang prente ng mga patriyotiko at demokratikong pwersa, mga gitnang pwersa, mga oposisyonistang pulitiko, mga taong simbahani, mga negosyante, dating upisyal ng gubyerno at iba pang pwersang anti-Arroyo. Niyaganig ng mga protesta ang bulok na rehimeng Arroyo. Nagpupunyagi ang mamamayan na wakasan na ang paghahari nito.

Ang pinakahuling serye ng mga protesta ay itinulak ng

pagsisiwalat ni Rodolfo Lozada Jr. ng dagdag na impormasyon kaugnay ng maanomalyang kaso ng NBN-ZTE at ng iskandalong ibinunga ng mga pasistang maniobra ng rehimeng Arroyo para patahimikin siya (*tingnan ang kaugnay na artikulo*). Kinumpirma at pinalawig pa ni Lozada ang ibinunya

noong Oktubre 2007 ni Joey de Venecia, anak ni dating Speaker Jose de Venecia, hinggil sa \$130 milyong suhol kaugnay ng proyekto. Isiniwalat din niya ang mga iregularidad sa mga proyektong Cyber-Education, Southrail at Northrail, at ang paglihis ng \$1.1 bilyong pautang para sa pagpapaulad ng Angat Dam at mga proyektong pabahay ng mga sundalo at pulis.

Nagkakandarapa sina Arroyo at kanyang mga galamay sa pagtatakip ng katoohan. Tinangka



Mga tampok sa isyung ito...

Pagdukot kay Lozada
PAHINA 3

Malakawang protesta hinggil sa NBN-ZTE, matagumpay PAHINA 5

Itaguyod ang bagong people power—PKP
PAHINA 6

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*